INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VI, Issue I
August 2024
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

# PAMANANG TANGI SA BAGONG LAHI

**ni: GERALDINE R. CARILLO**

Bagong henerasyon, bagong sibilisasyon
Bagong kabataan, bagong bayang sinilangan,
Hindi na maikakaila, minsan pa'y itinatwa
Tuluyan na bang nilimot ating wika?

Hiyas ng lupang silangan, mula noon kailanman
Iba't ibang tradisyon, atin ng kinalakhan,
Pista sa nayon o simbang gabi
Pagmamano, bayanihan na katangi-tangi.

Iba't ibang relihiyon o pananampalataya
Islam, Kristiyanismo o ibang pamamaraan ng pagsamba
Nariyan pa rin ang unawaan ng bawat isa
'Pagkat wika natin ay nagtutugma.

Wikang Filipino, mabisa at tunay na pinagyaman
Gayundin ang ating kultura, mayabong at kaiga-igaya,
Maipagmamalaki kahit saan pumunta
Tatak ng ating pagka-Pilipino buo sa puso at diwa.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VI, Issue I
August 2024
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
*****************************************************************************************************

Tayo'y magbalik-tanaw, alalahanin mga pangyayari

Mayamang kultura, impluwensiya ng iba't ibang lahi

Mula sa lahing Kastila, Amerikano o Hapon

Kulturang Pilipino mangingibabaw sa habangpanahon.

Kaya't mga bagong kabataan

Huwag sanang isantabi't kalimutan,

Kultura at wika pagyamanin at paunlarin

Ipamamana sa inyo't amin ring tagubilin.

*****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
*****************************************************************************************************